GRADE 2

# Leveled Reader in Filipino

# Sorpresa kay Lola




Kuwento ni Yvette Tan
Guhit ni Hannah Manaligod



"Malamang nami-miss na ni Lola ang mga halaman niya. Puwede ba nating ipadala ang kaniyang mga halaman?" tanong ni Tope.




"Hindi rin tatangapin ng kartero ang mga halaman dahil nalalanta ang mga ito. Mag-isip ka pa ng ibang sorpresa," sabi ni Nanay.




"Hmmm... gawan ko kaya siya ng kard?" sabi ni Tope, sabay-kuha ng pangkulay at papel.




"Siguradong masososorpresa at matutuwa si Lola sa gawa mong kard. At sigurado akong hindi iyan tatanggihan ng kartero," sabi ni Nanay. Noong hapon ding iyon, isinama ni Nanay si Tope sa tanggapan ng koreo.




Masayang-masaya si Lola nang makuha niya ang sorpresang galing kay Tope!

KAGAWARAN NG EDUKASYON
REPUBLIKA NG PILIPINAS

UNITED STATES AGENCY INTERNATIONAL DEVELOPMENT
USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE